

News Release



Alameda County Public Health Department

1000 Broadway, Suite 500 – Oakland, CA 94607

Phone: 510/ 267-8000

April 29, 2019

Media Contact:

Jerri Applegate Randrup

Alameda County Public Health Department

Office: (951) 217-7087

PublicInformationOffice@acgov.org

MAY PLANONG BUMISITA SA IBANG BANSA? SIGURADUHING NABAKUNAHAN LABAN SA TIGDAS

Hinihikayat ng mga Public Health Department na Magpabakuna Bago Lumabas ng Bansa

Kondado ng Alameda, CA. – Bago bumiyaha sa ibang bansa, dapat siguraduhin na natanggap ang inirekomendang dalawang dosis na bakuna sa tigdás, biki at rubella (Measles-Mumps-Rubella o MMR). Sa buong bansa, may kabuuang 704 na kaso ng tigdás sa 2019, ang pinakamataas mula 1994. Halos lahat ng mga kaso ay nauugnay sa mga taong hindi nabakunahan ng MMR at bumisita sa ibang bansa, kasunod ng pagkalat nito sa mga hindi pa nabakunahang populasyon sa Estados Unidos.

Inirerekomenda ng Centers for Disease Control and Prevention (CDC) ang dalawang dosis na MMR na bakuna: ang unang dosis sa mga batang 12 hanggang 15 buwan ang edad at ang pangalawang dosis sa mga batang 4 hanggang 6 taong gulang. Dapat magpabakuna ang mga adulto na bibisita sa ibang bansa kung hindi sila nakatanggap ng dalawang dosis ng bakuna noong sila ay bata pa. Ang pagbabakuna ay ang pinakaepektibong proteksiyon laban sa tigdás.

[Makipag-usap sa inyong duktur tungkol sa pagpapabakuna](#) mula 4-6 linggo bago magbiyahe. Kung may kasamang sanggol na 6-12 na buwang gulang, inirerekomenda ng CDC na ang sanggol ay mabigyan ng maagang dosis ng MMR na bakuna. Delikado ang komplikasyon ng tigdás, lalo na sa mga sanggol at bata. Karagdang impormasyon tungkol sa inirerekomendang mga bakuna para sa mga aalis sa bansa ay matatagpuan sa CDC website: <https://www.cdc.gov/vaccines/vpd/mmr/public/index.html>.

"Mapanganib ang sakit na tigdás. Bilang isang magulang, pedyatrisyan at opisyal ng Public Health Department, malaki ang aking pasasalamat na mayroong ligtas, epektibo at madaling makuhang bakuna na nagbibigay ng proteksiyong pang habang-buhay, "sabi ni Dr. Erica Pan, ang Interim Health Officer ng Alameda Public Health Department. "Mapalad tayo na mataas ang vaccination rate sa ating kondado at napapakinabangan natin ang 'herd immunity'. Ang ibig sabihin nito na ang mga sanggol at mga taong may mga medikal na kondisyon na hindi pwedeng mabakunahan ay protektado dahil sa napapaligiran sila ng komunidad kung saan marami ang nabakunahan. "

Karaniwan parin ang tigdas sa maraming bahagi ng mundo sa Europa, Asya, Pasipiko, Timog Amerika, at Aprika, kabilang ang Pilipinas, Israel, Indya, at Ukraine. Halimbawa, ang Pilipinas ay nakapag-tala ng mahigit na 200 na namatay sa 12,000 kaso ng tigdas nitong taon. Kung may plano kayong lumabas sa bansa, protektahan ang inyong sarili laban sa mga sakit na karaniwan sa bansang inyong binibisita.

Magpabakuna sa inyong duktor, lokal na parmasya, o klinika. Hanapin ang mga pasilidad na nagbabakuna kontra sa tigdas sa Vaccine Finder: <https://vaccinefinder.org/>. Kung wala o kulang ang inyong health insurance, naka-advertised sa Alameda County website sa <http://www.acphd.org/clinics> kung saan maaaring magpabakuna ng libre o sa murang halaga.

Bilang sagot sa mga kaso ng tigdas sa Bay Area, gumawa ang Kondado ng Alameda Public Health Department ng mga hakbang upang kontrolin ang pagkalat ng sakit, kabilang ang:

- Kilalanin ang mga taong maaaring nalantad sa tigdas at tiyakin na immune sila laban sa tigdas.
- Pag-iwas sa posibleng pagkalat ng tigdas sa pamamagitan ng paglimita sa mga aktibidad ng mga hindi nabakunahan na maaaring nagkaroon ng kontak sa tigdas.
- Paghiwalay sa mga taong nakakahawa upang maiwasan ang pagkalat ng tigdas.
- Pagpayo sa mga indibidwal na hindi nabakunahan na magpabakuna laban sa tigdas.
- Pagkonsulta sa mga lokal na health care provider tungkol sa mga hinihinalang kaso ng tigdas at pagtulong na matiyak ang sakit.
- [Pagbibigay-alam sa publiko](#) at lokal na media tungkol sa mga pampublikong lugar kung saan maaaring nalantad ang tigdas.

Sobrang nakakahawa ang tigdas na kapag ang isang tao ay nagkatigdas, hanggang 90 porsiyento ng mga taong malapit sa kanya ay mahahawa kung hindi sila immune. Maaaring mapasa ng taong may tigdas ang sakit bago siya magkaroon ng alinmang sintomas. Maaaring magkaroon ng tigdas mula 7 hanggang 21 na araw pagkatapos magkakontak sa taong may tigdas. Ang karaniwang sintomas ng tigdas ay lagnat, ubo, sipon, namumulang mata, at namumulang mga butlig o pantal.

Kung hindi sigurado sa katayuan ng inyong mga bakuna, o maaaring nagkaroon ng kontak sa taong may tigdas, check our guide [here](#), kumonsulta kaagad sa inyong duktor. Kung mayroon kayong sintomas ng tigdas, napakahalagang tumawag muna sa ospital o klinika bago pumasok para maipalam na maaaring may tigdas kayo, at nang sa gayon, makakagawa sila ng paraan upang maprotektahan ang ibang mga pasyente at tauhan.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa tigdas, bisitahin ang:

<http://www.acphd.org/measles.aspx>

Nagbibigay din ang Kondado ng Alameda Public Health Department ng impormasyon tungkol sa tigdas para sa mga duktor: <http://www.acphd.org/measles/clinicians.aspx>.

###